

Air Monitoring Fact Sheet

Ano ang mga air monitors?

- Mga hindi maililipat na kagamitang sumusukat sa kalidad ng nakapaligid na hangin
- Sumusunod sa mga pambansang pamantayan
- Regular na sinusuri para sa katumpakan, mahigpit na pagkontrol sa kalidad, at mga kinakailangan sa pagkontrol

Ano ang kanilang sinusukat?

- Ozone (o ulap-usok), nagkakaroon nito kapag naghahalo ang maiinit na temperatura at singaw ng sasakyan
- PM₁₀ at PM_{2.5} (particulate matter), maliit na partikulo mula sa pagniningas ng mga solido o likidong gatong
- Nitrogen oxide, carbon monoxide, at mga sulfur dioxide/oxide mula sa pagniningas ng mga gatong mula sa mga labi ng hayop at halaman
- Hydrogen sulfide mula sa paggawa ng krudo at likas na gas

Ano ang mga benepisyo?

- Nagbibigay ng mga napakatumpak na interpretasyon
 - Nagpapakita ng mga kada oras at kada araw na average para sa buong rehiyon
 - Nakabatay ang mga interpretasyon sa mga pambansang pamantayan sa kalusugan

Ano ang mga limitasyon?

- Hindi idinisenyo upang isaalang-alang sa proseso ng pagtanya sa mga insidente gaya ng mga sunog sa pasilidad ngunit maaaring magsaad ng mas matataas na antas ng polusyon kapag may nagaganap na malawakang sunog o tagas
- Hindi idinisenyo upang tukuyin ang pinagmulan ng anumang partikular na pollutant

Iba pang uri ng monitors na ginagamit ng Air District

- Mga pansamantalang monitors para sa mga nagtatagal na insidente gaya ng mga wildfires o ligaw na sunog na mabilis kumalat
- Mga naililipat na monitors para sa panandaliang insidente gaya ng mga facility fires o sunog sa pasilidad
- Mga trailer para sa mga mas pang matagalang espesyal na pag-aaral



BAY AREA
AIR QUALITY
MANAGEMENT
DISTRICT

